EMBASSY OF THE PHILIPPINES
ISLAMABAD

★★★

MGA UPDATES SA HALALAN 2022 SA PAKISTAN

★★★

Sa tulong ng Konsulado ng Pilipinas sa Lahore sa pag-clear ng election materials, nakapagsimula ang pag-boto sa Pakistan ngayong araw, 11 Abril 2022.

1. Para sa mga boboto through mail, abangan ang pag dating ng balota sa loob ng election period at ibalik agad ito bago mag 09 May. Para sa mga nasa Pakistan, wala nang kailangan bayaran sa courier service dahil bayad na ang pag padala at pag-balik ng balota. Siguraduhin na sundin ang instructions at idikit ang return stamp at ibalik ito sa courier.

2. Para sa mga nagregister na bumoto sa Embahada, bukas narin ang On site voting simula ngayong araw hanggang 09 May 2022-4pm (including weekends). Sa mga sumusunod na petsa (April 30 to May 1, at May 7-8), magbibigay ng libreng shuttle service ang Embahada para sa mga botanteng mangangailangan. Unang pick up ay 10am at last pick up ay 2pm sa Cricket grounds, Margalla Road, F-6. Pakitandaan po na nagbago ang pick up point at sa Cricket Grounds F-6 na. Hindi na sa Total Parco. Pakidala ang valid passport or ID.

3. Habang sa planned Consular Outreach sa Karachi (16-17 April) at Lahore (23-24 April), wala muna on site voting sa Embahada sa Islamabad sa mga nasabing petsa. Pero tatanggap parin ang Embahada ng MAILED BALLOTS sa mga nasabing petsa mula 8am to 5pm.
4. Sa mga boboto by mail, maari din ibigay ng personal ang balota sa Karachi (16-17 April) at Lahore (23-24 April) during the Consular Outreach. Ngunit mas maigi parin ibalik ang balota sa mail para makasigurado dahil special arrangement lang ang Consular Outreach at maaaring ma-cancel ito.
5. Dahil sa pabago-bagong security situation sa Islamabad, maaring itigil ang on-site voting sa Embahada. Sa ganitong pagkakataon, bukas parin ang Embahada mula 8am to 5pm ngunit para lamang sa pagtanggap ng mailed ballot. Patuloy na magbantay sa balita ukol sa mga security updates sa Islamabad
6. Maglalabas ang Embahada ng listahan ng mga botante na kumpirmadong boboto on site sa Karachi, Lahore at Islamabad. Pakihanap ang pangalan sa nasabing listahan.
7. Patuloy parin pinagiingat ang mga Pilipino sa COVID-19 kaya't magsuot ng mask at mag-practice ng social distancing habang nasa Embahada o Konsulado.
END